Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING ISANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-20 NG MARSO, 1996 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
6. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
7. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
8. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
9. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
10. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

Di-Dumalo:

1. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 55-'96

(Sa mungkahi ni Kag. Lijauco na pinangalawahan ni Kag. Bustamante)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG NA PUNONG-LALAWIGAN JOSE B. LINA NA MAPAGITANAN ANG USAPIN NG MGA MAMAMAYANG NANINIRAHAN SA BARANGAY SANTO DOMINGO AT NG CANLUBANG SUGAR ESTATE/C.J. YULO HINGGIL SA LUPAING PAG-AARI NG HULI AT KINATITIRIKAN NG MGA TIRAHAN NG MAY 400 PAMILYA SA BARANGAY SANTO DOMINGO, SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Santa Rosa ay tumanggap ng isang petisyong ginagawang bahagi ng KATITIKANG ito at nilagyan ng TANDANG "G" mula sa mga pamilyang nani-nirahan sa Barangay Santo Domingo, Santa Rosa, Laguna;

SAPAGKA'T, isa sa kahilingang nakapaloob sa petisyon ay pamamagitanang upang magkaroon ng angkop na lunas ang kanilang mga suliraning labis na pinangangambahan tulad ng napipintong pagpapa-alis ng kanilang mga tirahan sa lupang pag-aari ng Canlubang Sugar Estate/C.J. Yulo & Sons;

SAPAGKA'T, malaki ang pananalig ng kapulungang ito sa butihing Punong-lalawigan at lubos na naniniwalang may mabuting idudulot ang pakikipag-ugnayan niya sa mga kinauu-kulang may-ari ng lupain upang mapangalagaan ang kapakanan ng ating mga ka-lalawigan;

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling sa Kagalang-galang na Punong-lalawigan JOSE B. LINA na mapamagitanan ang usapin ng mga mamamayang naninirahan sa Barangay Santo Domingo at ng Canlubang Sugar Estate/C.J. YULO hinggil sa lupaing pag-aari ng huli at kinatitirikan ng mga tirahan ng may 400 pamilya sa Barangay Santo Domingo, Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-11 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-20 ng Marso, 1996.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim